



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 1  
Enero 7, 2008

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Editoryal*


## Umani ng higit pang lahatang-panig na mga tagumpay ngayong taon

**N**gayong 2008, tinatanaw ng Partido ang isang taon ng malalaking lahatang-panig na rebolusyonaryong pagsulong.

Ang maniningning na tagumpay at mayamang karanasang natamo noong nakaraang taon kapwa sa ligal na pakikibaka at armadong rebolusyon ay puhunan para sa ibayo pang pag-abante ng rebolusyong Pilipino.

Sa unang taon ng brutal na kampanyang Oplan Bantay Laya (OBL) 2, napilitan ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na amining bigo silang kamtin ang mga itinakda nilang target na "durugin" ang ilang larangang gerilya. Bago ito, nalantad sa publiko ang internal na pagtatasa ng AFP tungkol sa kabi-guan ng limang taong OBL 1 na siyang sinnundan ng kasalukuyang OBL 2. Pawang kabulastugan ang ipinagmamalaki ng AFP na nadurog nila ang 13 larangang gerilya ng BHB noong 2007 at na madudurog nila ang 17 pang larangang gerilya sa unang kwarto lamang ng 2008. Mas malalaki pang kabiguan ang kakaharapin ng AFP dahil sa patuloy na paglagablab ng apoy ng digmang bayan sa buong bansa.

Mula Luzon hanggang Mindanao, binigo ng mga yunit ng BHB ang mga laking-dibisyon, brigada at batalyong kampanyang panunupil na inilunsad ng AFP upang durugin ang tinagurian nilang mga "balwarte" ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Sa mga larangang dinumog ng mga pwersa ng AFP, hindi lamang nakapagpreserba ng lakas ang mga yunit ng BHB, patuloy pang nakapagpalalim ang mga ito ng pag-ugat sa masa, nakapagmantine ng inisyati-



**Mga tampok sa isyung ito...**

**Mga tagumpay ng rebolusyon sa Panay**  
PAHINA 3

**Minahan sa Cotabato, pinarusahan ng BHB**  
PAHINA 3

**Pagawaan sa pusod ng kagubatan** PAHINA 4

bang militar at naipagtugumpay ang maraming kontra-atake sa kaaway. Kaalinsabay, nakapagpalawak pa at nakapaglunsad ang BHB ng maraming taktikal na opensiba sa mga lugar kung saan relatibong manipis ang pakat ng kaaway.

Isa sa mga tampok na karanasan ang pagharap at pagbigo ng Pulang Diwata Command ng BHB sa kampanyang militar ng 4th Infantry Division ng Philippine Army sa Northeastern Mindanao. Bigo ang sustenidong mga operasyong militar ng AFP na durugin ang dalawang larangang itinuring nitong prayoridad na atakehin. Nakapaglunsad ang mga Pulang mandirigma sa mga larangang ito ng 42 taktikal na opensiba at nakasamsam ng 25 armas. Mahigit 103 tropa ng AFP ang namatay at 50 ang nasugatan.

Sa Panay, naglunsad ang AFP ng mga operasyong laking-brigada at batalyon upang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan doon. Ngunit sa katapusan, ang tanging naipagyabang ng AFP ay mga larawan ng mga kampo ng BHB na matagal nang nilisan ng mga gerilya.

Ang pagdagsa ng mga pwersa ng AFP sa isla ay nagbigay sa mga Pulang mandirigma roon ng mara-

ming pagkakataong makapaglunsad ng mga operasyong isnayp at pananumbang. Marami sa kaaway ang namatay, samantalang wala kahit isang nasawing Pulang mandirigma. Kabaligtaran ng kasinungalingan ng AFP na gapi na ang rebolusyonaryong kilusan sa isla, kinakitaan pa ang Panay ng signipikan-teng paglaki at kasigasigan sa pagtatanggol at paglaban ng kasapihan ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan sa harap ng matitinding atake ng kaaway (*tingnan ang kaugnay na artikulo*).

Sa 22 mayor na taktikal na opensiba ng BHB laban sa AFP sa Ilocos-Cordillera, at kahit sa tatlong depensiba kung saan naagaw ang mga gerilya ang inisyatiba, malaki ang nalagas sa mga pwersa ng kaaway. Namatay ang 60 tropa at 38 ang nasugatan sa panig ng AFP. Sa mga labanang ito, apat na upisyal at tauhan ng AFP ang nabihag ng BHB.

Ilan lamang ang mga ito sa matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB sa iba't ibang bahagi ng bansa noong 2007. Marami pang opensiba sa iba't ibang rehiyon na hindi pa naiuulat sa *Ang Bayan*. Sa ilan pa lamang na naiuulat na sa

*Ang Bayan*, di bababa sa 204 na elemento ng kaaway ang namatay at mahigit 149 ang nasugatan. Siyam na mga sundalo at elemento ng CAFGU ang nabihag sa mga engkwentro at kalauna'y pinalaya sa makataong batayan. Naisagawa rin ang pagpaparusa sa mga elemento ng *death squad* ng AFP na sangkot sa ekstrahudisyal na mga pamañaslang at pagdukot. Pinatawan sila ng parusa matapos ang masusing mga imbestigasyon alinsunod sa mga rebolusyonaryong prose-song hudisyal.

Nasamsam ng BHB ang di baba sa 327 armas na karamihan ay malalakas na riple, libu-libong bala at samutsaring gamit-militar at kagamitang pangkomunikasyon. Ang mga sandata at gamit na ito ay sapat para armasan ang tatlong kumpanya ng mga bagong mandirigma. Tampok sa mga opensibang ito ang reyd sa Davao Penal Colony kung saan nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng 108 armas nang hindi nagpapaputok.

Alinsunod sa panawagan ng Komite Sentral ng PKP, nakatuon ngayon ang buong rebolusyonaryong kilusan sa lahatang-panig na pag-sasaayos ng mga rebolusyonaryong gawain para pag-ibayuhin ang pag-susulong sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ngayong taon at pabilisin ang pagpasok sa gitnang bahagi ng estratehikong depensibang yugto ng digmang bayan. Habang puspusang nilalaban ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang panunupil at pagpapahirap ng rehimeng US-Arroyo sa mamamayan, kumikilos sila nang tanaw ang estratehikong layuning agawin ang kapangyarihang pamplitika mula sa mga reaksyunaryong naghaharing uri, wakasan ang buong malakolonyal at malapyudal na paghahari sa bansa, tapusin ang pambansa-demokratikong yugto at tumungo sa mga susunod na yugto ng rebolusyonaryong Pilipino. AB

# ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 1 Enero 7, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

### Editoryal

Umani ng mga tagumpay ngayong taon

1

### Mga tagumpay sa Panay

3

### Matatagumpay na TO

Minahan, pinarusahan ng BHB

3

Detatsment ng pulis, sinalakay

4

### Pagawaan sa pusod ng kagubatan

4

### Pananalanta ng pasistang estado

Hungkag na SOMO

5

Palparan, sangkot sa pagdukot

6

Aktibista, hawak ng militar

6

### Pananalasa sa Manila North Harbor

7

Tawag ng pagsasamantala

8

### Balita

9



# Mga tagumpay ng rebolusyon sa Panay

**L**umaki ang rebolusyonaryong pwersa sa Panay, lumakas ang kakayahang at lumawak ang impluwensya sa kabilang pananalasa ng Oplan Bantay Laya 2 noong 2007.

Sa isang pahayag nitong ika-39 na anibersaryo ng Partido noong Disyembre 26, sinabi ng Komiteng Rehiyon ng PKP sa isla na libu-libong Panayanon ang lumahok sa armadong pakikibaka at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan o sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa hangaring wakasan ang rehimeng US-Arroyo.

Marami ang nakakita ng pangangailangan mag-organisa upang kolektibo nilang malutas ang kanilang mga problema sa pamamagitan ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika. Tumaas nang 47% ang kasapihan ng mga organisasyong masa sa kanayunan. Lumaki ang BHB, kabilang na ang miliyang bayan na nagtamasa ng 85% paglaki. Lumaki rin nang 20% ang kasapihan ng Partido nitong 2007 sa kabilang malupit na pagtugis ng desperadoong reaksyunaryong rehimeng. Ito na ang pinakamalalaking tantos ng paglaki sa isla mula nang ilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwastong noong 1994 sa Panay.

Natamo ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ang gayong pag-unlad sa kabilang paglulunsad ng 301st IBde ng humigít-kumulang sampung lakas-brigada at mga 100 lakas-batalyon at lakas-kumpanyang operasyon noong 2007. Naglustay ang reaksyunaryong gubyerno ng milyun-milyong piso at lalong pinerwisyo ang dati na ngang naghihirap na mamamayan para lamang mailunsad ang isang gerang walang ibang pakay kundi suhayan ang rehimeng US-Arroyo.

Dahil sa naabot na nitong armado at pampolitikang lakas, kaya na ng Partido Komunista sa Panay na magpatupad ng mga rebolusyonaryong patakaran kapwa sa loob at labas ng saklaw ng mga sonang gerilya at maggawad ng rebolusyonaryong hustisia sa malawak na bahagi ng isla.

Inaasahan ang ibayo pang paglakas ng gayong impluwensya habang papataas ang antas ng kamulatan at pagkakaisa ng mamamayang labanan ang sustenidong armadong atake ng rehimeng US-Arroyo. Anang PKP-Panay, mismong ang mga mapanupil na patakaran ni Gloria Arroyo ang patuloy na nagtutulak sa mamamayang yakapin ang armadong rebolusyon.

AB

## Dayuhang minahan, pinarusahan ng BHB

**S**inalakay ng isang platin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Enero 1 ang baseng kampo ng Sagittarius Mines, Inc. (SMI) sa Barangay Tablu, Tampakan, South Cotabato. Dinisarmahan ang mga bantay at winasak ang mga kagamitan nito sa pagmimina. Sa paglulunsad ng atake, layunin ng BHB na parusahan ang dambuhalang kumpanyang Swiss dahil sa pangangamkam ng lupa, pandarambong at pagwasak sa kalikasan, ayon kay Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Ipinaliwanag ng tagapagsalita ng PKP na itinaon sa bakasyon ang reyd upang iwasan na madamay ang mga manggagawa't empleyado nito. Walang nasaktan sa mga sibilyan o empleyado ng SMI. Isang *shotgun*, isang radyong pangkomunikasyon at ilan pang kagamitan ang nasamsam ng BHB.

Ang inilunsad na aksyon militar ay isang "signifikanteng hakbang sa pagsisikap na wakasan ang mapangwasak at mapandambong na mga operasyon sa pagmimina ng kumpanya; ipagtanggol ang lupang ninuno ng tribong B'laan; protektahan ang balanseng pangkalikasan ng Liguasan Marsh at suplay sa tubig sa mga lugar ng South Cotabato, North Cotabato, Sultan Kudarat at General Santos City; at labanan ang kumpanya ng rehimeng Arroyo na ilako ang likas na yaman ng bansa sa malalaking dayuhang kapitalista."

Maaalalang mula pa noong dekada 1990 ay aktibo nang tinututulan ng mamamayan ang pagmimina ng tanso at ginto ng Western Mining Corporation (WMC), na pinalitan ang pangalan tungong Tampakan Mineral Resources Corporation. Noong 2002, ipinagpatuloy ng SMI ang operasyon ng WMC matapos itong tumigil bunsod ng matinding pagtutol ng taumbayan. Saklaw ng pagmimina ang mga hangganang kabundukan ng Tampakan sa South Cotabato, Columbio sa Sultan Kudarat at Kiblawan sa Davao del Norte.

Kasalukuyang pinalalawig ng SMI ang kanilang *pre-feasibility study*. Umaasa ang kumpanya na malawakan itong makapagmimina ng tanso at ginto sa 2012. Tinatayang may 11.6 milyong tonelada ng tanso at 14.6 milyong onsa ng ginto roon. Ang pagminang isasagawa sa pamamaraang *open pit* ay sisimulan sa 2010 sa magubat na mga baryo ng Bong Mal, Tablu, Danlag at Folu Bato sa Tampakan. "Ang mga operasyong *open pit* ay isa sa mga paraang pinakamapangwasak sa kalikasan. Sinisira nito ang buu-buong mga kagubatan at eryang watershed," ani Rosal.

Ang reyd sa SMI ay alinsunod sa pangkalahatang direktiba ng PKP na hadlangan at pigilan ang mga operasyon ng malalaking dayuhang kumpanya sa pagmimina na pinapapasok ng rehimeng Arroyo sa bansa upang dambungin ang mga likas na yaman ng Pilipinas. "Pinapapasok ng rehimeng Arroyo ang malalaking dayuhang kumpanya sa pagmimina para huthutin ang bilyun-bilyong dolyar na halaga ng likas na yaman ng Pilipinas sa ibayong kapinsalaan ng kabuhayan ng mamamayan at ng kalikasan."

AB

## Detatsment ng pulis, sinalakay ng BHB

Matagumpay na sinalakay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang istasyon ng pulisia at munisipyo ng Hinabangan, Samar noong Disyembre 23. Isang M16, isang M14 at tatlong maiigsing baril ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma, ayon sa mga inisyal na ulat. Isang elemento ng CAFGU ang namatay sa palitan ng putok. Walang kaswalti sa panig BHB.

Pinabulaanan ng reyd na ito ang pagmamayabang ng AFP na magagapi na nito ang BHB sa Eastern Visayas.

Pinuri ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, ang pagsalakay ng BHB sa munisipyo ng Hinabangan at himpilan ng pulisia. Aniya, pagpapakita ito ng "determinasyon at kakayahang" ng armandong rebolusyonaryong kilusan na gapiin ang kontra-rebolusyonaryong gera ng terorismo ng rehimeng US-Arroyo.

AB

# Pagawaan sa pusod ng kagubatan

**S**a pagsikap na paigtingin at itaas ang antas ng digmang bayan, patuloy na itinataas ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang kakahang militar nito, kaakibat ng pagpapatatag ng pampulitikang pagkakaisa ng masa at hukbo. Bahagi ng pagsikap na ito ang palaksin ang arsenal pandigma ng BHB gamit ang lahat ng posibleng sandatang panlaban sa kaaway.

Kaugnay nito, isang "pagawaan" ang itinayo ng BHB noong 2002 sa rehiyong Ilocos-Cordillera para sa produksyon ng mga kagamitang pandigma. Sa pusod ng kagubatan, isang yunit ng BHB ang maghapong nagtatrabajo upang lumikha ng mga kagamitang pandigma tulad ng mga granada at magkumpuni ng mga sandata ng hukbong bayan.

Isang pambansang minorya mula sa maralitang saray ng uring magsasaka si Ka Yani. Mahusay siyang karpintero, kilalang episente, at ekspiryensyado sa gawaing militar. Siya ang gumagawa ng *casing* (kaha) ng mga granada.

Si Ka Piolo—dating namimili ng "bote-bakal" at naglalako ng *fishball* sa kalsada—ang nagkikikil ng *lever* ng granada upang hindi ito mangalawang.

Nag-iisang babae sa pagawaan si Ka Lea. Dat siyang *domestic helper* sa ibang bansa at ngayo'y isang Pulang mandirigmang nagsasanay sa mga gawain sa *shop*. Pabiro siyang tinatawag na "aprentis."


Dati ring manggagawa sa Saudi si Ka Iking. Siya ang panday na lumilikha ng mga pyesang metal sa pamamagitan ng pagmama-

so ng nagbabagang bakal.

Banayad kumilos at pinakatahimik si Ka Anino. Mahigit 20 taon na siyang mandirigma. Isa rin siyang pambansang minorya mula sa panggitnang uri. Siya ang gumagampan ng pinakamaselang bahagi ng produksyon ng mga eksplosibo—ang pagbubuo ng *fuse* (mitsa).

Masalimuot ang proseso ng pagkatutong dinaanan ng yunit para marating ang kasalukuyang antas ng kanilang kakayahan—isang prosesong kinatangian ng masigasig na paglikha, pagsubok, marubdob na pag-aaral, at muling paglikha. Sumasalig sila sa mga syentipikong pamamaraan at sa hilaw na materyales na makukuha sa lokal na pamilihan.

Sa kabilang minorya mula sa suliranin, tuluy-tuloy na napauunlad ng grupo ang kanilang mga



likha. Ang mga granadang produkto ng grupo ay naging tatalag na nang ilang taon bago mapasó, mula sa datin anim na buwan. Eksperto na rin sila sa pagkukumpuni ng mga baril.

Ang mga nililikhang eksplosibo para sa gamit ng BHB ay yaong tinatawag na CDX o *command-detонated explosives* na kontrolado ang pagpapasabog para maituon sa mga lehitimong target lamang at iwasang mailalagay sa panganib ang mga sibilyan.

Wala silang sawa sa pagpapaunlad ng disenyo at pagpipino sa maliliit at maseselang bahagi ng mga kagamitan.

Buhay na buhay ang kolektibong palitan, pagsusuri at pagpapaunlad ng kaalaman at praktika sa kanilang pagawaan. Araw-araw, matapos ang produksyon, nagsasagawa sila ng mga pulong pagtatasa at paglulutas bago sabay-sabay na tumungo sa kusina pagdating ng takipsilim upang magsalu-salo naman sa hapunan.

"Humahalaw tayo mula sa sariling karanasan at sa mga pagsisikap ng naunang mga kasama na lumikha ng mga simpleng kagamitang pandepensa," wika ni Ka Anino. Kinatatangian ang yunit ng mataas na interes sa pagtuklas at pagkatuto. Marami na silang pinag-alarang gamit-militar, kabilang ang mga nagmuntis na bombang gawang-US na inihulog ng AFP.

Dahil likas na mapanganib ang kanilang linya ng gawain, lubos ang pag-iingat ng grupo sa trabaho. Mayroong mga panuntunan para sa kaligtasan at mahigpit na tumatalima ang lahat. May mga pamamaran upang makaiwas sa aksidente kahit sa maseselang tungkulin. "SAFETY FIRST" ang mga katagang nagpaapala sa bawat isa na mag-ingat nang lubos. "Mas mahalaga ang tao kaysa sa gamit," anang grupo.

Gagap ng grupo ang papel ng eksplosibo sa kabilang pagsulong ng digmang bayan.

Malaking tulong ang gawaing eksplosibo sa mga tagumpay ng mga taktikal na opensiba. "Syempre, pangunahin ang mga salik na tulad ng mahusay na paninikti, pagpaplano, pagsasanay, at iba pa... Pero may mga karanasang naging kritikal ang papel ng eksplosibo sa pagtagumpay ng marami nang partikular na aksyong inilunsad ng yunit ng BHB laban sa mas marami at mas malaking pwersa ng AFP."


Tiyak, magiging malaking bahagi ang maliit at di pangkaraniwang "pagawaang" ito sa maraming matatagumpay na taktikal na opensibang isasagawa ng Bagong Hukbong Bayan, mga opensibang magpabalik sa pagbagsak ng bulok na reaksyunaryo at papet na rehimeng Arroyo. Magiging bahagi ng kasaysayan ang maraming ganitong "pagawaang" kanlong ng mayabong na kagubatan at nakikibakang mama-mayan.

AB

## Hungkag na SOMO

**N**alantad ang kahungkagan ng deklaradong *suspension of offensive military operations* (SOMO) ng rehimeng Arroyo mula Disyembre 16 hanggang Enero 6 nang maiulat ang lansakang paglabag ng AFP sa sariling SOMO. Isang magsasaka ang dinukot noong bisperas ng Pasko sa Cagayan at apat na magsasaka ang iligal na inaresto, isinailalim sa interogasyon at dinetine sa Catanduanes. Sa mga lugar na ito ay walang puknat ang mga operasyong militar sa kabila ng SOMO ng gubyernong Arroyo.

**Disyembre 24.** Dinukot ng mga elemento ng 21st IB si Marvin "Piltok" Mendez, 25, sa Barangay Virginia, Piat, Cagayan. Si Mendez, isang magsasaka tubong Barangay Villagracia, Madella, Quirino ay nagpunta sa Piat para dumalaw sa kanyang mga kaibigan. Ayon sa mga saksi, nakita nilang tinutukan ng mga sundalo si Mendez sa Barangay Lipatan, Sto. Niño, Cagayan. Huli siyang nakita sa kampo ng 21st IB sa Barangay Virginia noong Disyembre 25. Hindi pa rin siya inililitaw hanggang ngayon. Ang pagdukot kay Mendez ay kabilang sa mga paglabag ng 5th ID sa deklaradong tigil-putukan ng gubyernong Arroyo nitong Kapaskuhan. Walang puknat nang nag-ooperasyon sa iba't ibang bayan ng Cagayan at Isabela ang mga yunit sa ilalim ng 5th ID mula pa noong unang linggo ng Disyembre.



**Disyembre 18.** Mahigit 1,800 pamilya mula sa mga barangay ng Bohe Suyak, Sungkayot at Tongbato sa Tipo-tipo, Basilan ang napilitang lumikas dahil sa matinding operasyong militar laban sa mga gerilya ng MILF. Dalawang sundalo at anim na sibilyan ang namatay sa operasyong inilunsad ng mga elemento ng Philippine Marines na nilabanan ng MILF. Gumamit ng kanyon ang sumalakay na Marines at dahil dito ay hindi nakapagdaos ang mga residente ng kanilang taunang selebrasyon ng Eid'd Adha o pista ng pagsasakripisyo.

**Disyembre 14-16.** Arbitraryong inaresto noong Disyembre 16 ng mga elemento ng 65th IB sa Barangay Iyao, Caramoran, Catanduanes sina Elvis Santillano, Juanito Lucero Jr. at Bonifacio Solsona, pangangawa ng taga-Barangay Iyao. Isinailalim sila sa interogasyon at iligal na idinetine nang apat na araw.



Pinalabas pa ng militar sa midya na sila ay mga sumukong mandirigma ng BHB. Hanggang ngayon ay hawak pa rin ng militar si Lucero.

Arbitrary ring inaresto noong araw na iyon sa Barangay Sabloyon, Caramoran si JR Velasco.

Noon namang Disyembre 15 ay sadyang pinaputukan ng mga elemento ng 65th IB ang mga bahay sa Barangay Sabloyon. Tinamaan ang bahay ni Karen Pia, na may tatlong-taong gulang na anak. Para makumpleto ang palabas na nakaengkwentro nila ang BHB, nagpaputok din ang mga sundalang nakapwesto sa kabilang ibayo. Nagpasabog pa ang mga ito ng dalawang bomba malapit sa eskwelahan.

Iligal namang inaresto sa Barangay Iyao noong Disyembre 14 si Edmundo Santillano. Ininteroga siya at hinaras at sapilitang pinasuko ang kanyang desabog na gamit niya sa pangangaso.

**Disyembre 12-16.** Dinukot ng mga sundalo, pitong beses na sinaksak at itinapon sa pag-aakalang patay na si Renante Romagus, isang magsasakang taga-Monkayo, Compostela Valley. Si Romagus ay papunta sa kanyang bukirin para gumawa ng uling at tumiba ng saging para gamitin sana sa kaarawan ng kanyang anak kinabukasan.

Ngunit nang makarating siya sa Purok 3, Barangay Casoon, dinukot si Romagus ng mga nag-oopersyong sundalo ng 28th IB. Agad siyang pinirigan, binusalan at ginaspos. Mula Disyembre 13 hanggang Disyembre 16 ay tinortyur at isinalilim sa interrogation si Romagus sa detatsment ng militar sa Barangay Rizal sa hinalang siya'y myembro ng Bagong Hukbong Bayan. Noong gabi ng Disyembre 16 ay dinala si Romagus ng militar sa Barangay Hagimitan at doon siya itinapon. AB

## Palparan, sangkot sa pagdukot—Court of Appeals

Sangkot si Brig. Gen. Jovito Palparan at ang ilang tauhang militar sa pagdukot sa magkapatid na Reynaldo at Raymond Manalo noong 2006, ayon sa 2nd Division ng Court of Appeals (CA). Ang 30-pahinang desisyon ay inilabas noong huling linggo ng Disyembre kaugnay ng paggawad ng *writ of amparo* sa magkapatid.

Si General Palparan ay dating hepe ng 7th Infantry Division na nakabase sa Central Luzon. Ayon sa CA, napatunayang ang magkapatid ay dinukot, tinortyur at dinetine ng mga elemento ng 7th Infantry Division at na ito'y may buong kaalaman ni Palparan. Isinalaysay ng magkapatid sa korte na mismong si Palparan ay pumunta sa kanilang kulungan para pagsabihan sila na di dapat magsumpong sa mga awtoridad ang kanilang mga kamag-anak.

Si M/Sgt. Donald Caigas, isa sa mga pinangalanang tauhan ni Palparan na sangkot din sa pagdukot sa magkapatid ay inaresto kamaikan sa ibang kaso ngunit siya'y nakapagpyansa at kaagad pinakawalan. Kahit maraming kasong nakasalang laban sa kanya, ipinadala siya ng rehimeng Arroyo sa Haiti bilang myembro ng United Nations Stabilization Mission doon.

Nananawagan ang Karapatan-Gitnang Luzon na dapat arrestuhin at kasuhan si Palparan sa kanyang pamumuno at partisipasyon sa serye ng mga pagdukot, *enforced disappearances* at ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga aktibista. AB

## Nawawalang aktibista, hawak ng militar

Pansamantalang iniharap ng 62nd IB sa midya noong Disyembre 26 sina Manuel Pajarito at Juliet Fernandez, mag-asawang aktibista ng PAMALAKAYA na dinukot ng militar noong Mayo 11, 2007 sa isang tsekpoyn sa Pinabacdao, Samar. Pitong buwan silang tinago ng militar at pinagkaitan ng karapatang makipag-ugnayan sa kanilang mga kamag-anak at abugado. Si Fernandez, na nagdadalanta noong siya'y dukutin, ay nanganak sa kulungan noong Nobyembre 21.

Iniharap ang dalawa sa midya para pabulaanan diumano na sila ay pinagmamalupitan ng militar. Subalit duda ang kanilang mga kamag-anak, kaibigan at organisasyon na malaya ang ginawa nilang pamamahayag.

Ayon sa Karapatan, karaniwan nang kundisyon sa pagpapalitaw sa mga dinukot ang gayong pagpapahayag para palabasing "kagustuhan" nila ang ikulong ng militar. Kontrolado ng militar ang bawat kilos at salita nina Pajarito at Fernandez dahil ang pagharap sa kanila sa midya ay ginanap sa isang *safehouse* ng AFP.

Patuloy na itinatangi ng militar kung nasaan ang dalawa. Taliwas sa kanilang mga karapatan, hindi sila pinahihintulutang umugnay sa kanilang pamilya at abugado.

Kakasuhan ng Pamalakaya ang mga elemento ng 62nd IB kaugnay ng iligal na pag-aaresto at pagdedeten o pagdukot sa dalawang biktima. AB

# Pananalasa sa Manila North Harbor

Noong Pebrero 2006, inaprubahan ng rehimeng Arroyo sa ilalim ng Port Modernization Program ang pribatisasyon ng mga pantalan sa Manila North Harbor. Pangunahing naglalaway sa pribatisasyong ito ang ilang malalaking burges kumprador na pawang mga kroni ni Gloria Arroyo.

Ang Manila North Harbor na nasa Tondo, Maynila ay isa sa 11 pangunahing daungan sa Pilipinas. Binubuo ito ng Pier 2, 4, 6, 8, 10, 12, 14, 16, 18 at ng Veterans Shipyard. Sa Manila North Harbor dumadaong ang halos lahat ng mga lokal na barkong pangkalakalan at pampasahero. May mahigit 500 pantalan sa bansa at 240 rito ay kontrolado ng mga pribadong indibidwal at korporasyon. Ang lahat ng mga daungan ay pinangangasiwaan ng Philippine Ports Authority (PPA).

Interesadong-interesado sa pribatisasyon ng North Harbor ang North Harbor Consortium, isang

grupo ng mga kumpanyang pag-aari ng mga kroni ni Arroyo. Kinabilangan ito ng Asian Terminals, Inc. ni Enrique Zobel, International Container Terminal Services, Inc. ni Enrique Razon at Harbour Centre Port Terminals Inc. ni Reghis Romero. Karibal naman nila ang Pier 8 Arrastre & Stevedoring Services at Prudential Customs Brokerage.

Todo-buhos ng rekureso si Arroyo para itulak ang pribatisasyon ng Manila North Harbor. Noong Setyembre 2006, nagpahayag ang Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) na idedemolis nito ang lahat ng maralitang komunidad mula sa Manila Hotel hanggang Ra-

dial 10 sa Tondo at hanggang Navotas. Hindi pa man natatapos ang *bidding* ay ipinatutupad na ang demolisyon sa ibang bahagi ng palibot ng daungan. Layunin ng demolisyon na hawanin ang malawak na lupain para magamit ng burgesyang kumprador na kokontrol sa North Harbor. Umaabot sa 48.5 ekarya ang sakop ng kabuuang proyekto.

Abala sa pagpapalayas sa mga tao ang Department of Social Welfare and Development (DSWD). Sa Mabuhay Road 10, halimbawa, pinapipirma ng DSWD ang mga residente ng kasulatan na nagbabawal sa kanila na muling magtayo ng mga bahay kapag dinemolis sila at nagbabawal sa kanilang magnampa ng kaso laban sa DSWD. Tatanggap umano ang mga residente ng ayudang ₡21,000.

Mas masahol pa, mula Disyembre 2006 ay nagtalaga na ang rehimen ng mga yunit ng militar sa mga apektadong komunidad sa Tondo sa layuning supilin ang pagtutol ng mamamayan sa mapangwasak na proyekto. Marami nang naiiuulat na mga paglabag sa karapatang-tao sa lugar. Isang halimbawa ang iligal na pag-aresto at pagtortyur ng mga elemento ng Philippine Army-National Capital Regional Command sa 18 residente ng Parola Compound noong Setyembre 5. Labimpito sa mga biktima ay mga menor de edad.

Sa pribatisasyon ng North Harbor, mawawalan ng kabuhayan at tirahan ang aabot sa 141,500 pamilya o 849,000 indibidwal. Nasa paligid ng North Harbor ang mga komunidad ng Parola, Isla Puting Bato/Breakwater,



Collector's Road, Radial 10 at Barangay 105 na bumubuo sa mga komunidad ng Aroma, Gloriakrap at Happyland.

Ang pagtatrabaho sa North Harbor ang pangunahing ikinabuhay ng mayorya sa mamamayan ng Tondo. Umaabot sa 5,000 residente ng Tondo ay mga manggawa at employado sa mga pantalan sa lugar. Kabilang dito ang mahigit 1,000 manggagawa ng United Dockhandler's Inc.; 350 manggagawa ng Pier 8 Arrastre and Stevedoring Services, Inc.; 400 manggagawa ng North Star Port Development Corporation; 250 manggagawa ng Isla Puting Bato Arrastre and Stevedoring Corporation; at 250 manggagawa ng Veterans Shipyard. Mayroon ding 1,500 manggagawa sa 200 kumpanya na may kontrata sa iba't ibang linya ng serbisyo sa pantalan.

Mawawalan ng hanapbuhay ang 5,000 manggagawa sa Manila North Harbor kapag ipinatupad ang pribatisasyon. Planong gumanit ng makabagong teknolohiya ang pribatisadong daungan na palit sa mga manggagawa. Wala sa plano ang pagbibigay sa mga manggagawa ng panibagong trabaho. Maapektuhan din ng planong pribatisasyon ang tinatayang 2,500 kawani ng PPA sa buong bansa.

Ang nakatakdang pribatisyon ng Manila North Harbor ay isa lamang sa mga huwad na proyektong pangkaunlaran ng rehimeng US-Arroyo. Nakatutok ito sa kapakinabangan lamang ng mga kapitalista at wala itong pakialam sa kabutihan at kagalingan ng mga maralita. Nararapat lamang na tuluy-tuloy na labanan ng mamayan sa palibot ng Manila North Harbor ang mapangwasak na proyektong ito at igiit ang kani-lang karapatan sa tirahan at hanapbuhay.

AB

Mga call center sa Pilipinas

## Tawag ng pagsasamantala

**I**sa sa mga palagiang ipinangangalandakan ng rehimeng Arroyo ang pagpasok ng mga dayuhang negosyo sa bansa. Pinakamalalaki sa mga ito ngayon ang *business process outsourcing* o BPO kung saan kalakhan ay nasa porma ng mga *call center*.


Ang *call center* ay isang upisina na tumatanggap ng mga tawag mula sa mga kostumer ng iba't ibang malalaking kliyenteng kumpanyang nakabase sa kani-kanilang bansa. Karamihan ng mga tumatawag ay humihingi ng impormasyon at tulong mula sa mga tinatawagang kumpanya o nagpapaabot ng mga reklamo sa mga produkto o serbisyo ng kumpanya. Kalakhan ng mga kliyente ng mga *call center* ay malalaking bangko, mga kumpanya sa transportasyon, kompyuter at serbisyong pampinansya sa ibayong dagat. Karamihan (80%) ng mga *call center* ay pag-aari o subsidyaryo ng mga imperyalistang kumpanya sa US. Isang halimbawa nito ang JP Morgan, isa sa mga dambuhalang kumpanyang pampinansya sa mundo.

Sa kasalukuyan, tinatayang nasa 225,000 ang mga employado ng mga *call center* na nakakalat sa mga pangunahing syudad sa bansa. Ayon sa mga estadistika ng rehimeng Arroyo, ang kita ng mga *call center* noong nakaraang taon ay naka-pag-ambag ng 2% sa GDP (Gross Domestic Product o kabuuang produkto sa loob ng bansa).

Isa ang Pilipinas sa may pinakamalalaking bilang ng mga *call center*. Pumapangalawa lamang ito sa India. Inaasahan ng rehimeng Arroyo na pagdating ng 2010 ay aabot nang isang milyon ang magiging employado ng mga *call center* at lalago nang \$12 bilyon ang kabuuang kita ng mga ito.

Sa laki ng inaasahang kita ng bansa mula sa mga *call center*, itinutulak pa ngayon ng rehimeng Arroyo na pagdatin ng 2010 ang bagong mga kurikulum at praktikum para sa mga mag-aaral na nagnanais maging *call center agent*. Naglaan pa si Arroyo ng napakalaking pondo (P350 milyon) para sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) para lamang sa pag-sasanay ng mga estudyante sa mga *call center*.

Madaling makapang-engganyo ang *call center* sa mga kabataang nakapag-arál dahil rehimeng Arroyo na pagdatin ng 2010 ang bagong mga kurikulum at praktikum para sa mga mag-aaral na nagnanais maging *call center agent*. Naglaan pa si Arroyo ng napakalaking pondo (P350 milyon) para sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) para lamang sa pag-sasanay ng mga estudyante sa mga *call center*.



₱25,000 kada buwan). Napakadaling mamasukan sa mga ito dahil tumatanggap ang mga ito ng mga aplikante kahit hindi nakapagtagpos sa kolehiyo. Papasa na basta't relatibong mahusay sa pagsasalita ng Ingles (para kunwa'y Amerikano) at may katamtamang kaalaman sa pagkokompyuter.

Gayunpaman, bukod sa temporary lamang ang ganitong empleyo, napakataas ng tantos ng pagsasamantala rito. Ayon sa Kilusang Mayo Uno (KMU), halos lahat ng mga empleyado sa mga *call center* ay kontraktwal. Karaniwang panlimang buwan lamang ang mga kontrata nila at sa abereyds inaabot lamang ng 18-24 buwan ang itinatagal ng mga *call center agent*. Bawal magtayo ng unyon sa mga kumpanyang ito, kaya may kahirapan pang maipaglaban ang seguridad sa empleyo ng mga empleyado rito.

Mataas man sa karaniwang sahod sa bansa ang kanilang tina-tanggap, mababa pa rin ito kumpara sa natatanggap ng mga empleyadong Amerikano na katulad rin nila ang ginagawa pero naka-pag-uuwi ng mahigit tatlong ulti na mas malaking kita kada buwan. Mabilis ding nauubos ang kanilang mga sahod. Mataas ang buwis na sinisingil sa kanila. Dahil sa nala-lantad sila sa dayuhang kultura at pamumuhy, madali silang naengganyo sa konsumeroismo at maluhong pamumuhy.

Ipinagmamalaki ng mga *call center* na mayroon pa ring mga benepisyo ang mga empleyado sa kanilang mga upisina, tulad ng libreng paggamit ng kagamitan pang-ehersisy, libreng kape, libreng hatid-sundo sa istasyon ng tren at iba pa.

Ngunit may mga natatanging kahirapan sa kalagayan ng kanilang paggawa. Marami sa kanila ang nagkakasakit dala ng alanganing oras at kundisyon ng kani-

lang trabaho. Kabilang dito ang matinding pananakit ng ulo dahil sa puyat at pagtutok sa kompyuter, sakit sa baga dahil sa matinding lamig ng kanilang mga upisina at iba pa. Mayroong mga nabaliw dulot ng berbal na pang-aa-buso ng mga kostumer. Madalas silang dumanas ng pambabastos at pagmumura mula sa mga tumata-wag na kostumer. Marami rin ang nagiging biktima ng krimen dahil sa dis-oras na pagpasok at paglabas sa trabaho na karaniwan ay mula kalaliman ng gabi hanggang madaling araw.

Sa katunayan, inaabuso ng mga kumpanya ang mga *call center agent*. Ang trabaho sa mga *call center* ay isa sa mga trabahong walang patutunguhan. Ang lahat ng kanilang pag-aaral at natutunang karunungan sa mga kolehiyo at unibersidad ay nauuwi sa pagging mekanikal na tagatanggap na lamang ng mga tawag ng mga kli-yente sa mga dayuhang kumpanyang nakabase sa kani-kanilang bansa.

Ang mga *call center agent* ay pinagsisilbi ngayong modelo ng huwad na pag-unlad ng ekonomya. Ngunit sa katunayan, hindi makatutulong ang mga *call center* sa pag-unlad ng ekonomya. Pinalalala lamang ng mga ito ang imperialistang pagsasamantala sa Pilipinas, pangunahin na sa pamamagitan ng pagsasamantala sa murang lakas-paggawa. Pinipigilan nito ang pag-unlad ng ekonomya batay sa pagpapaunlad ng mga saligang industriya ng bansa.

Sa katunayan, katulad lamang ng maramihang pagluluwas ng mga migranteng manggawa sa ibang bansa para maghanap ng mapagtatrabahuan, ang paglago ng empleyo sa mga *call center* ay nagtatakip na lamang sa atrasadong ekonomya, kawalan ng tunay na pambansang industriya at lagunan na disempleyo sa bansa. AB

## Pagpapasara ng mga Amerikano sa ospital sa Sulu, binatikos

**B**inatikos ng iba't ibang mga sektor ang pwersahang pagpapasara tuwing gabi ng mga sundalong Amerikano sa isang ospital pampubliko sa Sulu.

Ayon kay Dr. Silak Lakkian, hepe ng Panamao District Hospital sa Sulu, simulan ng isang Master Sergeant Ronburg ng US Army noong Nobyembre 30 ang pagpapatupad ng katusang isara ang ospital tuwing sasapit ang alas-6 ng gabi. Bagamat walang ibinigay na dahilan ang mga tropang Amerikano, malinaw na ang batayan ng hakbanging ito ay kontrolin ang kilos ng mga sibilyan pag-sapit ng dilim. Isa itong iligal na hakbang na mapaminsala sa interes ng mamamayan sa lugar.

Iginiit ni Rafael "Ka Paeng" Mariano, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang pagsasagawa ng malalimang imbestigasyon ng Mababang Kapulungan at ng Senado sa pangyayaring ito. Aniya, "Ito ay malinaw na paglabag sa Visiting Forces Agreement (VFA) at sampal sa mukha ng mamamayan Pilipino."

Bunga ng napakaraming batikos, at para makaiwas sa malalimang imbestigasyon, napilitan ang embahada ng US na iutos ang pag-atras ng naturang hakbangin.

## MILF, balak umatras sa usapang pangkapayapaan

BINABALAK ng mga negosyador ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) na umatras na sa pakikipagnegosasyon sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP).

Anang MILF, hindi tinutupad ng GRP ang mga puntong napagkasunduan nila sa Malaysia noong Nobyembre 15.

Ayon sa mga propagandista ni Arroyo, nakatakda nang lagdaan ng magkabilang panig ang isang Memorandum of Agreement na siyang magwawakas umano sa mahabang pakikibaka ng Bangsamoro. Ang mga kasunduang ito ay tinatawag ng MILF na *consensus points* o mga puntong napagkaisahan.

Isa sa mga pangunahing isyu ang "ancestral domain" o ang usapin tungkol sa kanilang mga lupaing ninuno. Ayon kay retiradong Gen. Rodolfo Garcia, hepe ng mga negosyador ng gubyernong Arroyo, nagkasundo ang dalawang panig sa mga hangganan ng teritoryo ng Bangsamoro, kabilang ang mga hangganan ng karagatan.

Ngunit noong Disyembre 17 ay binoykot ng MILF ang nakata-

dang pag-uusap sa Kuala Lumpur, Malaysia at ibinunyag ang pagbabigat ng gubyernong Arroyo sa napagkasunduan nila noong Nobyembre. Pagkatapos ng pagbabatuhan ng mga akusasyon at mga armadong labanan ng magkabilang panig, nagpahayag si Executive Secretary Gen. Eduardo Ermita na ang usapin tungkol sa "ancestral domain" ay pinal na pagpapasyahan sa plebisitong idaraos kauugnay ng *charter change*. Naaayon ito sa binalangkas ng GRP na memorandum na may pasubali na ang pagpapatupad ng mga kasunduan ay dapat tumalima sa "prosesong konstitusyunal" ng Republika ng Pilipinas.

Mas masahol pa, kasunod na ipinahayag si General Garcia na hindi sila makikipag-usap sa MILF kung hindi ito magsasalong ng kanilang mga armas. Bilang tugon, nagbanta ang panel ng MILF, sa pamumuno ni Mohagher Iqbal, na aatras sila sa usapang pangkapayapaan at hihintayin na lamang nila ang susunod na administrasyon na mas magiging katanggap-tanggap sa kanila.

## 899 tropang Amerikano, namatay sa Iraq noong 2007

INAMIN ng pinakamatataas na upisyal ng US Armed Forces noong Disyembre 31 na umabot sa 899 ang mga tropang Amerikanong napatay sa Iraq nitong 2007. Ito na ang pinakamalaking kaswalting tinamasa ng mga tropang Amerikano mula nang sakupin ng gubyernong Bush ang bansang Iraq noong Marso 2003.

Nahigitan nito ang rekord noong 2004 kung kailan 850 Amerikano ang napatay sa gera roon. Umabot na sa 3,902 sundalang US ang napatay sa Iraq nitong naka-

raang limang taon.

Ngayong taon ay nakikini-kinita ng matataas na upisyal militar ng US sa Iraq na lalong magiging bulnerable ang kanilang mga pwersa sa mga atake ng mga gerilyang Iraqi bunsod ng unti-unting pagbabawas ng tropa ng ilang bansang kabilang sa koalisyon mananakop tulad ng United Kingdom, ang pangunahing alyado ng US sa pananalakay sa Iraq. Nagpaplano rin ang Poland at Australia na lubusan nang iatras ang kanilang mga pwersa.


## Cuba, nag-alok ng tulong medikal sa Pilipinas

NAG-ALOK ng tulong medikal ang gubyerno ng Cuba sa Pilipinas para maibsan ang patuloy na pagkaisa ng mga taong nakapag-aran at may kasanayang medikal dahil sa pagtatrabaho sa ibang bansa. Napag-alaman ito sa panayam ng midya kay Ambassador Jorge Roy Jimenez ng Cuba noong Disyembre 2007. Ayon sa embahador, hinihatay pa rin ng gubyerno ng Cuba ang sagot ng gubyernong Arroyo sa kanilang alok.

"Nag-uumpaw" ang Cuba sa mga doktor at iba pang tauhang medikal, ayon sa kanilang embahador. Bahagi ng internasyunal na pakikipagrelasyon ng Cuba ang pag-aalok ng tulong medikal sa mga bansang nangangailangan. May 17,000 doktor at dentistang Cuban na nagseserbisyo sa Venezuela kapalit ng 100,000 bariles ng langis kada araw para sa Cuba.

May isang doktor para sa bawat 158 mamamayan sa Cuba. Sa US naman ay may isang doktor sa bawat 150 mamamayan. Samantala, sa Pilipinas, may isang doktor sa bawat 10,000 hanggang 26,000 Pilipino. Ibayo pang lumalala ang proporsyong ito sa Pilipinas habang lalong dumarami ang mga doktor na nangingibang-bansa.

Sa kabilang ng nakababalang kalagayang medikal ng bansa, halos pabalat-bunga ang ginagawa ng kasalukuyang gubyerno sa programang pangkalusugan sa harap ng walang awat na pangingibang-bansa ng mga doktor, dentista, nars at iba pang propesyunal sa kalusugan. Mula 2000 hanggang 2003, umabot sa 51,885 nars ang nangingibang-bansa.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-MaoismoTaon XXXIX Blg. 1  
Enero 7, 2008[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)*Editoryal*


# Umani ng higit pang lahatang-panig na mga tagumpay ngayong taon

**N**gayong 2008, tinatanaw ng Partido ang isang taon ng malalaking lahatang-panig na rebolusyonaryong pagsulong.

Ang maniningning na tagumpay at mayamang karanasang natamo noong nakaraang taon kapwa sa ligal na pakikibaka at armadong rebolusyon ay puhunan para sa ibayo pang pag-abante ng rebolusyong Pilipino.

Sa unang taon ng brutal na kampanyang Oplan Bantay Laya (OBL) 2, napilitan ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na amining bigo silang kamtin ang mga itinakda nilang target na "durugin" ang ilang larangang gerilya. Bago ito, nalantad sa publiko ang internal na pagtatasa ng AFP tungkol sa kabi-guan ng limang taong OBL 1 na siyang sinnundan ng kasalukuyang OBL 2. Pawang kabulastugan ang ipinagmamalaki ng AFP na nadurog nila ang 13 larangang gerilya ng BHB noong 2007 at na madudurog nila ang 17 pang larangang gerilya sa unang kwarto lamang ng 2008. Mas malalaki pang kabiguan ang kakaharapin ng AFP dahil sa patuloy na paglagablab ng apoy ng digmang bayan sa buong bansa.

Mula Luzon hanggang Mindanao, binigo ng mga yunit ng BHB ang mga laking-dibisyon, brigada at batalyong kampanyang panunupil na inilunsad ng AFP upang durugin ang tinagurian nilang mga "balwarte" ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Sa mga larangang dinumog ng mga pwersa ng AFP, hindi lamang nakapagpreserba ng lakas ang mga yunit ng BHB, patuloy pang nakapagpalalim ang mga ito ng pag-ugat sa masa, nakapagmantine ng inisyati-

**Mga tampok sa isyung ito...****Mga tagumpay ng rebolusyon sa Panay**  
PAHINA 3**Minahan sa Cotabato, pinarusahan ng BHB**  
PAHINA 3**Pagawaan sa pusod ng kagubatan** PAHINA 4

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)